Republic of the Philippines
Department of Education
REGION XII
DIVISION OF SULTAN KUDARAT

DEPARTMENT OF EDUCATION
DIVISION OF SULTAN KUDARAT
RECORDS SECTION
RELEASED
Release Number: 2026-376
30 JUL 2026 Time: 8:59 AM
By: 02

Hulyo 30, 2026

MEMORANDUM PANSANGAY
No CID-IMS Blg. 056 s. 2026

**PAGDIRIWANG NG BUWAN NG WIKANG PAMBANSA 2026**

PARA SA : Pangalawang Tagapamanihala ng Sangay
Hepe ng CID at SGOD
Tagamasid Pansangay
Tagamasid-Pampurok/Principal In-charge
Tagapamahala ng mga Paaralan sa Elementarya at Sekondarya
Lahat ng may Kinalaman

1. Alinsunod sa itinakdang Pampanguluhang Proklamasyon Blg. 1041, s. 1997, ang **Buwan ng Wikang Pambansa 2026** ay ipagdiriwang sa Agosto 1-31, 2026 sa pangunguna ng Komisyon sa Wikang Filipino (KWF) at Kawanihan ng Linangan ng Pagtuturo (BLD). Layunin ng Buwan ng Wikang Pambansa 2026 ang sumusunod:

a. Ganap na maipatupad ang Pampanguluhang Proklamasyon Blg. 1041;

b. Mahikayat ang iba't ibang ahensiyang pampamahalaan at pampribado na makiisa sa mga programang tulad nito na nagpapataas ng kamalayang pangwika at sibiko;
c. Maganyak ang mga mamamayang Pilipino na pahalagahan ang mga wika ng Pilipinas sa pamamagitan ng aktibong pakikilahok sa mga gawain kaugnay ng Buwan ng Wikang Pambansa; at
d. Maipakilala sa mga mamamayang Pilipino ang KWF bilang ahensiya ng pamahalaan na nangangalaga sa mga wika ng Pilipinas sa pamamagitan ng mga programang pangwika nito.

2. Para sa sabayang pagdiriwang ng Buwan ng Wikang Pambansa 2026, itinakda at ipinatutupad ng KWF ang temang **"Wikang Filipino at AI: Kasangkapan sa Pananaliksik at Tulay sa Yaman ng Impormasyon."** Tugon ang temang ito sa mga probisyong nakasaad sa DepEd Order No. 003, s. 2026 o "Foundational Guidelines on Artificial Intelligence in Basic Education," na naglalayong isulong ang estratehikong integrasyon ng AI applications at websites bilang katuwang sa pagkatuto. Hinihikayat sa probisyong ito ang paggamit ng AI na nararapat ay human centered, mapanuri sa pabago-bagong kalikasan ng AI (stochastic nature), may mataas na pagpapahalaga sa etika, data privacy, at seguridad upang matiyak ang integridad, inklusibo, at makabuluhang pagkatuto

seguridad upang matiyak ang integridad, inklusibo, at makabuluhang pagkatuto na hindi isinasantabi ang emosyonal na pundasyon ng edukasyon. Sa pamamagitan ng AI mapauunlad ang wika sa panahon ng Artificial Intelligence (AI) na kasangkapan sa pagbuo ng mga pananaliksik at mayamang impormasyon bilang pagtataguyod sa wika, kultura, at kasaysayan ng bansa. na naglalayong ilaan ang Agosto bilang lunsaran ng mga pagpupunyagi sa kasaysayan ng bansa at mga wika.

3. Para sa makabuluhang pakikibahagi sa pagdiriwang na ito ng Buwan ng Wikang Pambansa, naglaan ng mga gawaing pansilid na angkop sa antas at kakayahan ng mga mag-aaral sa bawat yugto. Kalakip nito ang halimbawa ng mga banghay-aralin sa pagsasagawa ng mga gawain. Narito ang talahayan ng mga gawaing pansilid:

| Baitang | Gawain | Layunin |
|---|---|---|
| **Unang Yugto**<br>(Kinder hanggang Baitang 3) | Likhawento | Makabuo at makapagsalaysay ng kuwento upang malinang ang pagkamalikhain at kasanayan sa wika. |
| **Ikalawang Yugto**<br>(Baitang 4 hanggang 6) | Tahirawan | Mapaunlad ang kakayahan ng mga mag aaral sa malikhaing pagpapahayag at paggamit ng wika. |
| **Ikatlong Yugto**<br>(Baitang 7 hanggang 10), | DokyuWento | Makalikha ng makabuluhang dokumentaryong nagsasalaysay ng mga karanasan, isyu, o kulturang may kaugnayan sa tema ng pagdiriwang. |
| **Ikaapat na Yugto**<br>(Baitang 11 hanggang 12), | AI-Saliksik | Magamit ang makabagong teknolohiya at (AI) bilang katuwang sa masusing pananaliksik at paglikha ng mga makabuluhang akademikong output. |

4. Hinihiling ang pagsagawa ng mga gawaing angkop at batay sa tema para sa isang buwang pagdiriwang.

5. Sa pagsasagawa ng mga gawain, dapat tiyakin ang pagtalima sa DepEd Order (DO) *No. 9, s. 2005 (Instituting Measures to Increase Engaged Time-on-Task and Ensuring Compliance Therewith)* na hindi ito makaaabala ng regular na klase. Gayundin tiyakin ang pagsunod sa mga tuntuning isinasaad sa DO 003, s. 2023 *(An Order Allowing the Conduct of In-Person Activities in Schools)* na naglalahad ng mga pamantayan sa pagsasagawa ng mga *in-person activity.* Isaalang-alang din ang DO 66, s. 2017 *(Implementing Guidelines on the Conduct of Off-Campus Activities)* kaugnay sa pagsasagawa ng mga *Off-Campus Activity.*

6. Hinihikayat na makilahok sa pagdiriwang ng Buwan ng Wikang Pambansa 2026 ang lahat ng antas ng tanggapang pangkagawaran mula sa nasyonal, rehiyon, dibisyon at mga paaralang pampubliko maging sa pribado.

7. Kaugnay nito, hinihikayat din ang lahat sa pagsuot ng **Katutubong Kasuotan/Filipiniana** tuwing Lunes sa buong buwan ng Agosto bilang tanda ng ating pagkamakabayan at paggunita sa Buwan ng Wikang Pambansa 2026.

8. Hinihiling ang malawakang pagpapalaganap ng Memorandum na ito.

**MEILROSE B. PERALTA EdD, CESO VI**
Katuwang na Pansangay na Tagapamanihala ng mga Paaralan

Kalakip: *Gaya ng sinasaad*
Sanggunian: *Gaya ng sinasaad*
Ilalagay sa Palagiang Talatuntunan sa ilalim ng mga sumusunod na paksa

*BUWAN NG WIKA* *FILIPINO* *PAGDIRIWANG*

JFH/DM-CID-IMS/Pagdiriwang ng Buwan ng Wikang Pambansa 2026/Hulyo 30, 2026